**Pagsisimula ng Paaralan**

**Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan**

Kami ay humihiling sa mga pamilya na siguraduhing mayroon ang opisina ng paaralan ng pinaka-bagong impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Ito ay mahalaga sa mga sitwasyong pang-emergency. Kung ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan ay nagbago, mangyaring ipaalam sa opisina ng paaralan.

**Mga form sa Pagsisimula ng Paaralan**

Nakatanggap ang mga magulang/tagapag-alaga ng email mula sa YRDSB Update na may mga tagubilin para kumpletuhin ang mga start-up form. Mahalagang makumpleto ang mga form na ito sa lalong madaling panahon sa simula ng taon ng pag-aaral dahil naglalaman ang mga ito ng impormasyon at mga pahintulot.

Ang mga form ay makikita sa dashboard ng pamilya sa family.yrdsb.ca I-click ang arrow sa tabi ng pangalan ng iyong anak at piliin ang start-up forms na buton. Maaari mong piliin ang iyong wika. Mangyaring sundin ang mga hakbang na ito para sa bawat anak. Awtomatikong mapupuno ng mga form ang impormasyon ng iyong anak sa pamamagitan ng Dashboard.

Alamin kung paano lumikha ng Family Dashboard account kung wala ka nito.

Ang mga form ay matatagpuan rin online sa https://startupforms.yrdsb.ca. Kakailanganin mo ang numero ng estudyante ng iyong anak Mayroong mga tip na makukuha sa Board website. Ang pagsasalin ay mayroon din sa website.

Pakitandaan: Kailangan mong punan ang isang hiwalay na form para sa bawat batang nag-aaral. Kung mas gusto mong kumpletuhin ang mga form sa papel o may mga katanungan tungkol sa impormasyon sa mga form, mangyaring makipag-ugnayan sa opisina ng paaralan.

**Mga form pang Sekondaryang Paaralan o Secondary School Forms**

Ang mga mag-aaral sa Secondary school ay maaaring kumpletuhin ang mga form ng secondary school sa https://startupforms.yrdsb.ca/students. Matatanggap din nila ang link sa kanilang student GAPPS account. **Hindi** kailangang kumpletuhin ng mga mag-aaral sa elementarya ang mga form ng mag-aaral na ito.